

Halina magpalipas tayo ng oras sa silid aklatan ngayong taginit!

Maraming libro, makakapanood ng mga pelikula, musika at may internet

Library

Sa silid-aklatan ng Kumagaya City, mayroong mahigit na 180 libro sa 14 na wika. Maraming libro ukol sa pag-aaral ng Nihongo. May para sa mga baguhan at nakatataas na level. At kung may gusto kayong basahing libro subalit ito ay nasa Kumagaya City, maaring i-request sa library sa inyong bayan para mahiram. Kaya't halina at kumuha ng library card sa inyong lokal na library. Dalhin lang ang inyong resident card, driver's license, o health insurance card.

Mga mamamayan ng Fujimi-shi, Fujimino-shi at Miyoshi-machi ay maaaring gumamit ng mga silid-aklatan o libraries sa mga sumusunod na lugar.

■ Fujimi City Library



<Sample of library card>

● Central Library sa Fujimi-shi: 1873-1, Tsuruma, Ohaza, Fujimi-shi Tel.049-252-5825

Mayroon mga 983 na aklat sa iba't ibang wika maliban sa Nihongo. Karamihan sa kanila ay Ingles, meron ding mga aklat sa Intsik at Korean. Maaari ding gumamit ng ibang pasilidad gaya ng panonood ng sine, o paggamit ng internet sa loob ng 20 minuto sa paghahanap ng impormasyong ninanais. Mayroon ding NAXOS Music Library system, kung saan maaari kang pumili sa 800000 titulo ng iyong paboritong mga tugtugin. May apat na silid-aklatan sa Fujimi-city

■ Fujimino City Library



● Kamifukuoka Library: 3-3-1 Uenodai, Fujimino-shi Tel. 049-262-3710

Sa Fujimino city ay may tatlong silid-aklatan. Makikita dito ang 2804 aklat sa iba't ibang wika bukod sa Nihongo. Mayroon din silang mobile wallet system na ginagamit ang cell phones at smart phones para makagamit ng iba' ibang serbisyo ng silid-aklatan kahit na walang library card. Maaari ding makagamit ng PC sa loob ng 2 oras.

■ Miyoshi Library



● Central Library: 185-1, Fujikubo, Miyoshi-machi, Iruma-gun Tel. 049-258-6464

Mayroong sangay ng Takemazawa library at 2 silid-aklatan sa Miyoshi-machi. Ang Miyoshi library ay malapit sa mga pamilihan kung kaya't maraming maybahay at iba pa na dumadaan dito. Katabi din nito ang isang elementary school . Walang gaanong mga banyagang aklat, subalit malapit ito sa Fujikubo community center, kung saan may libreng klase ng Nihongo. Pumasyal kayo at ang inyong Nihongo teacher.

Mga activities sa Fujimino International Culture Exchange Center (FICEC)

Pangunahing aktibidad ng FICEC ay ang pagbibigay ng suporta at payo sa mga dayuhang mamamayan at mga residente. Kada taon 24 oras at 365 araw, nakakatanggap ng higit sa 800 na mga kaso, kasama dito ang pagsama sa mga dayuhan sa kailangang puntahang mga lugar. Tumutulong din sa paghahanap ng trabaho, nagtuturo ng Nihonggo sa mga banyaga, nagbibigay ng pansamantalang matutuluyan (shelter) sa mga biktima ng domestic violence, nagbibigay ng gabay sa araw-araw na pamumuhay, pagtuturo sa mga batang mag-aaral na hindi pa marunong ng Nihongo, pagsasalin at interpretasyon at iba pa. Halina at pumasal kayo sa aming tanggapan Let's enjoy here with many foreigners.

Makisaya tayo sa Yosakoi festival sa Tsuruse, Oct. 20(Sun)

Sa Tsuruse, ang Yosakoi dance festival ay gaganapin sa ika-20, Oct. Taon taong isinasagawa ng Fujimi City. Malaking bandila na may larawang nagpapahiwatig ng magandang huli ng isda at masayang tugtog at pagpalakpak. Puwede kahit anong custome o musika kagaya ng nauusong festival. Tara na at makisaya sa Yosakoi matsuri!



Maaari nang magpagawa ng pasaporte sa Fujimi City hall simula Oct.1.

Dati-rati ang mga taga Fujimi City ay kinakailangan pang pumunta sa passport center ng Saitama Pref. sa Kawagoe o Omiya. Mula Oct.1 ay magbubukas ang passport corner sa Citizen's section sa Fujimi city hall at maaari nang makakuha ng inyong pasaporte dito. Para sa mga detalye, hanapin ang <http://www.city.fujimi.saitama.jp/>. Sa Fujimino city, maaaring makakuha ng pasaporte sa city hall branch office na malapit sa Kami-fukuoka station.

Ang serbisyong konsultasyon para sa mga dayuhang manggagawa sa Saitama-shi

Mahigit kalahating taon na ang serbisyong konsultasyon ng FICEC sa 2 flr. ng Fujimi-City hall. Bukas ito mula 9:00 ~ 12:00 kada Miyerkules. Maraming banyagang residente ang natutuwa sa serbisyong ito. Malaking tulong ito sa iba't ibang mga alalahanin sa pamumuhay dito sa Japan.

Ang konsultasyon para sa mga banyagang manggagawa na may tagasalin sa wikang English at Chinese ay pinamamahalaan ng Labor Department of Saitama prefecture.

Kailan: Kada Miyerkules at Biyernes, 9:00 ~ 17:00 (Maaaring magbago. Tumawag para magpalista.)
 Saan: 15F, Land Axis Tower, Shintoshin 11-2, Chuo-ku, Saitama-shi

Tel; 048-600-6204, Fax: 048-600-6224

FICEC tumanggap ng parangal mula sa Minister of Foreign Affairs

Ang araw ng parangal ay ginanap noong Hulyo 31, (Huwebes) sa Ministry of Foreign Affairs sa Tokyo. Kinilala ang FICEC sa kanilang pagpupunyagi sa pagbubuklod ng iba' ibang kultura para sa isang magandang samahan at pagkakaibigan. Mahabang panahon na rin ang pagiging aktibo ng FICEC. Ang mga dayuhang residente ay laging malugod na inaanyayahanan sa mga aktibidades.



www.ficec.jp/living/

● Basahin din ang Gabay sa pamumuhay sa Japan na nakasalin sa 6 wika